Bukas na Pagpapatala sa Medicare

This is an Official U.S. Government Product



Nagawa mo na ba ang iyong

# Taunang Pagrepaso ng Plano sa Medicare?

**Bukas na Pagpapatala sa Medicare**

Ito'y Mas Maaga Ngayon

Oktubre 15-Disyembre 7

CMS
CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

## BAWAT TAON, MAY MGA BAGONG MAPIPILING PLANONG PANGKALUSUGAN AT INIRERESETANG GAMOT.

Dapat mong repasuhin ang iyong kasalukuyang pagsakop sa kalusugan at inireresetang gamot bawat taglagas.

Wala nang mas mabuting panahon upang tingnan ang pagsakop ng Medicare.

May mga bagong benepisyong makukuha kabilang ang mas mababang mga gastos sa reseta, mga pagbisita habang malusog, at panghadlang na pangangalaga.

## ANG IYO BANG PLANO AY MAGANDA PA RING PLANO PARA SA IYO?

### Ang Medicare ay makapagpapakita sa iyo ng mga plano sa iyong lugar na maaaring

- ✓ Mas mura
- ✓ Sumasakop sa iyong mga gamot
- ✓ Pinahihintulutan kang pumunta sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga na gusto mo, tulad ng iyong doktor o parmasya

### Ikaw ay makakakuha rin ng

- ✓ Isang tantiya ng iyong mula-sa-bulsa na mga gastos
- ✓ Mga marka ng kalidad at serbisyo sa parokyano mula sa mga kasalukuyang miyembro ng plano



*"Tinulungan ako ng Medicare na makapagtipid ng pera. Nakahanap ako ng plano na mas mura at sumasakop sa lahat ng aking mga gamot."*

Pagpasiyahan kung aling plano ang makatutugon sa iyong mga pangangailangan para sa susunod na taon. Kung gusto mong magpalit ng plano, tawagan ang planong gusto mong samahan. Ang Medicare ay makatutulong din sa iyo na magpatala—online, nang personal, sa isang pagtitipon sa iyong komunidad, o sa telepono.

**Tandaan**, sa panahon ng Bukas na Pagpapatala, makapagpapasiya kang manatili sa Original Medicare o sumapi sa isang Medicare Advantage Plan (tulad ng isang HMO o PPO). Kung ikaw ay nasa isang Medicare Advantage Plan na, magagamit mo ang Bukas na Pagpapatala upang lumipat pabalik sa Original Medicare.

## APAT NA PARAAN UPANG MAKAKUHA NG TULONG NA KAILANGAN MO

1. **Bisitahin ang www.medicare.gov/find-a-plan** upang magamit ang Tagahanap ng Plano sa Medicare.

2. **Tingnan ang iyong pinakabagong "Medicare & You" na handbook** upang makita ang isang listahan ng mga plano sa iyong lugar. Dapat mo ring repasuhin ang anumang impormasyon na nakukuha mo mula sa iyong kasalukuyang plano, kabilang ang liham ng Taunang Paunawa ng Pagbabago.

3. **Tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**, at sabihin ang "Agent." Ang tulong ay makukuha 24 na oras sa isang araw, kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang wikang iba sa Ingles o Kastila, sabihin ang wika sa kinatawan ng serbisyo sa parokyano. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

4. **Kumuha ng libreng ibinabagay na pagpapayo sa segurong pangkalusugan** sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong Programang Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (State Health Insurance Assistance Program, SHIP). Upang makuha ang numero ng telepono, bisitahin ang www.medicare.gov/contacts, o tumawag sa 1-800-MEDICARE.



# TANDAAN, ANG MGA PLANO SA MEDICARE AY MAAARING MAGBAGO BAWAT TAON

## MAHAHALAGANG PETSA SA MEDICARE

### Setyembre at Oktubre—Magrepaso at Maghambing

**Magrepaso:** Ang iyong plano ay maaaring magbago. Repasuhin ang anumang mga paunawa mula sa iyong plano tungkol sa mga pagbabago para sa susunod na taon.

**Maghambing**: Sa Oktubre, gamitin ang mga kasangkapan ng Medicare upang mahanap ang isang plano na nakatutugon sa iyong mga pangangailangan.

### Oktubre 15 – Magsisimula ang Bukas na Pagpapatala... Ito'y mas maaga ngayon!

Ito ang isang panahon ng taon kapag ang LAHAT ng mga tao na may Medicare ay makagagawa ng mga pagbabago sa kanilang mga plano sa kalusugan at inireresetang gamot para sa susunod na taon.

**Magpasiya**: Ang Oktubre 15 ang unang araw na mababago mo ang iyong pagsakop ng Medicare para sa susunod na taon.

### Disyembre 7 –Matatapos ang Bukas na Pagpapatala

Sa karamihan ng mga kaso, ang Disyembre 7 ay ang huling araw na mapapalitan mo ang iyong pagsakop ng Medicare para sa susunod na taon. Dapat matanggap ng plano ang iyong paghiling ng pagpapatala (aplikasyon) bago lumampas ang Disyembre 7.

### Enero 1—Magsisimula ang Pagsakop

Ang iyong bagong pagsakop ay magsisimula kung lilipat ka sa isang bagong plano. Kung mananatili ka sa kaparehong plano, anumang mga pagbabago sa pagsakop, mga benepisyo, o mga gastos para sa bagong taon ay magsisimula sa Enero 1.

### Paggawa ng mga pagbabago sa iyong pagsakop pagkaraan ng Enero 1

Sa pagitan ng Enero 1-Pebrero 14, kung ikaw ay nasa isang Medicare Advantage Plan (tulad ng isang HMO o PPO), maaari mong iwan ang iyong plano at lumipat sa Original Medicare. Kung lilipat ka sa Original Medicare sa panahong ito, magkakaroon ka ng hanggang Pebrero 14 upang sumapi rin sa isang Medicare Prescription Drug Plan upang idagdag ang pagsakop sa gamot. Ang iyong pagsakop ay magsisimula sa unang araw ng buwan pagkatapos makuha ng plano ang iyong pormularyo ng impormasyon.

www.medicare.gov

1-800-MEDICARE

(1-800-633-4227)

TTY 1-877-486-2048

## KAILANGAN MO BA NG DAGDAG NA TULONG UPANG BAYARAN ANG PAGSAKOP NG MEDICARE SA INIRERESETANG GAMOT?

Kung ikaw ay may limitadong kita at pinagkukunan ng paggastos, maaari kang maging kuwalipikado para sa "Dagdag na Tulong" upang bayaran ang iyong mga gastos sa inireresetang gamot. Bisitahin ang www.socialsecurity.gov/i1020 upang mag-aplay online. O, tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213 at humingi ng pormularyo na SSA-i1020. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.

MGA SENTRO PARA SA MGA SERBISYO NG MEDICARE AT MEDICAID

**This is an Official U.S. Government Product**

CMS CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Produkto Blg. 11220-Tagalog
Binago noong Setyembre 2011